# KWENTONG-K

***Mga kwentong may-K, halina't basahin at ibahagi!***

**OKTUBRE 2017**




***Four and More.*** Ilang mga larawan mula sa ginanap na *15th Year Anniversary* ng Kasagana-ka Development Center, Inc. noong Setyembre 29, 2017 sa Don Enrique Heights, Quezon City. Sa pagkakataong ito ay iginawad ang iba't ibang parangal partikular na ang Loyalty Award para sa mga empleyado na naka-lima, sampu at labing-limang taon na sa organisasyon, Natatanging Socioeconomic Officer at Natatanging Accounting Officer, at MARCELO Award para sa mga indibidwal na nagbigay ng natatanging ambag sa organisasyon.

# KDCI AT 15: FOUR AND MORE

*ni Leonard Galarde*

September 29, 2017 ipinagdiwang ng Kasagana-Ka Development Center Inc. (KDCI) Ang ika-labing limang taon (15) nitong anibersaryo sa Don Enrique Heights Clubhouse, Quezon City. Simple ngunit makabuluhan ang isinagawang pagdiriwang na dinaluhan ng mga empleyado at ilang partner institutions.

Ang tema para sa taong ito ay 'Four and More' kung saan ipinag-diriwang ng Kasagana ka ang patuloy na paglaki at paglago ng apat na organisayon na may iisang layunin: ang patuloy na pagtulong sa mga miyembrong pinaglilingkuran nito.

Nagsimula ang pagdiriwang sa isang misa na pinangunahan ni Rev. Fr. Ross Dela Cruz, Parish Priest ng Ang Muling Pagkabuhay ng ating Panginoon Parish, Phase 10-A Bagong Silang Caloocan City. Ito ay upang magbigay ng pasasalamat sa ating Panginoon sa mga biyayang natanggap ng organisasyon.

Ang programa ay pinangunahan nina Kristine Pauline Ramos, Program Officer ng KDCI at Ariel Agulay, Junior MIS Officer ng K-Coop. Ang Opening Remarks ay nagmula kay Ms. Ma. Christina Valte, CEO ng KDCI na may mensaheng pagbati sa lahat at pasasalamat sa mga narating ng KDCI sa kasalukuyan.

Sa isang video presentation ay ipinakita ang kasaysayan ng KDCI, dito ipinakita kung paano nagsimula ang organisasyon at kung paano ito lumago at lumaki na ngayon ay mayroon ng apat na organisasyon o tinatawag na Kasagana-ka Synergizing Organizations (KSO) na binubuo ng KDCI, Kasagana-ka Mutual Benefit Association, Inc. (KMBA), Kasagana-ka Employer-Employees Provident Fund, Inc. (KEEPF), at Kasagana-ka Credit and Savings Cooperative (K-Coop). Nagkaroon din ng raffle para sa mga empleyado mula sa KSO at ilang sponsor nito.

Isa sa pinakahinihintay na bahagi ng programa ay ang pagbibigay ng Loyalty Award para sa mga empleyadong naka lima (5) at naka-sampung taon (10), at ngayong taon ay mayroon ng nakalabing limang (15) taon na serbisyo sa KDCI. Labing-limang (15) empleyado ang tumanggap ng Loyalty Awardee para sa 5 years in service, Labing-pito (17) Loyalty Awardee para sa 10 years in service at tatlo (3) ang Awardee para sa 15 years in service.

Sa sampung (10) nominado bilang Natatanging Socioeconomic Officer (SO) ang nagkamit ng karangalan bilang Natatanging SO ay si Johnn Michael Beltran, SO ng Norzagaray SatO. Ang kinilala naman bilang Natatanging Accounting Officer (ACCO) mula sa pitong (7) nominado ay si Gretchen Tena, mula sa Masinag SatO. Binigyan din ng pagkilala ang apat (4) na board member sa pamamagitan ng MARCELO AWARD. Ito ay pagkilala para sa kanilang ambag sa organisasyon sa loob ng labing limang taon na pagiging board member ng KDCI. Ang mga pinarangalan ay sina Mr. Arturo Hilado, ang Chairman ng KDCI Board of Trustees, Mr. Jaime Varela, Mr. Garth Noel Tolentino, at Ms. Maria Anna Ignacio na kapwa mga miyembro ng Board of Trustees ng KDCI.

Nagtapos ang programa sa pangwakas na pananalita mula kay Ms. Me-An Ignacio, ang General Manager ng K-Coop, na nagpahayag ng lubos na pagbati at pasasalamat sa lahat ng naging bahagi ng KDCI sa loob ng 15 taon, gayundin sa mga CB na lubos na tumatangkilik sa programa ng organisasyon.

Maligayang Ikalabing- limang taong anibersaryo, KDCI!



***Araw ng pagkilala.*** Awarding ng Natatanging ACCO at SO (unang dalawang larawan mula sa itaas) Paggawad ng Gawad MARCELO kay Ms. Me-An Ignacio (ikatlong larawan) at ang mga empleyado na bumubuo sa pamunuan ng KDCI (huling larawan)

# ANG AKING 'KA-PARTNER' SA BUHAY

***ni Nickolone Villanueva***

Si Mrs. Glesie Quizon, 48 taong gulang, maybahay ni Mr. Ranny Quizon na isang taxi driver at mayroon silang dalawang anak. Siya ay isang sari-sari store owner. Ang kanilang pamilya ay kasalukuyang residente ng City of San Jose Del Monte, Bulacan. Sila ay isang magandang halimbawa ng isang pamilyang Pilipino dahil sa mga kaugalian na nakikita sa kanilang tahanan. Kung titingnan ang kasalukuyang estado ng kanilang pamilya ay hindi mababakas ang mga hirap na kanilang kinaharap at napagtagumpayan.

Taong 2008 ay dumating ang pagkakataon na imbitahan siya ng kaniyang kumare na sumali sa Kasagana-ka sa sentro ng St. Agnes. Noong panahon na iyon ay may alaga ang kaniyang asawa na isang pares ng love birds at hilig talaga nito ang pag-aalaga ng love birds kaya naman ito ang naisipan nilang gawing negosyo.

Hindi naging madali ang naging karanasan ni Ate Glesie sa Kasagana-ka noong una dahil nagkaroon siya ng problema sa kaniyang magiging co-maker. Ngunit dahil siya ay pursigido na makasali ay kinausap niya ang kaniyang Socioeconomic Officer. Binigyan naman siya nito ng pagkakataon na makahanap ng bagong co-maker. Nang siya ay maka-loan ng limang libo ay ginamit niya ito upang mas mapaunlad ang kanilang pagbebenta ng love birds. Ginamit niya ito upang ipambili ng pagkain ng kanilang alagang ibon, kulungan, mga kagamitan, at karagdagang dalawang pares pa ng love birds. Simula noon ay dumami na ang kanilang mga alagang ibon at ito na ang kanilang naging pangunahing pinagkukunan para sa pangangailangan ng pamilya. Sa paglipas ng panahon ng pag-aalaga at pagbebenta ng love birds ay nagkaroon na sila ng regular na pinagdadalhan nito tulad ng mga pet shop at mga customer na balak mag-alaga din nito o kaya ay gamiting pangregalo. Simula noon ang bagay na kinatatakutan ni Ate Glesie, ang pangungutang, ay siya ng naging sandigan at sandalan. Naging katuwang niya ang Kasagana-ka upang unti-unting maabot ang kaniyang pangarap para sa kaniyang pamilya. Malaki ang naitulong ng Kasagana-ka sa kanila dahil sa pamamagitan nito ay nabayaran nila ang kanilang bahay at napaayos ito sa pamamagitan ng K-Bahay loan. Sa pag-loan ng K-Bahay ay nakapag-pakabit si Ate Glesie ng sarili nilang kuntador ng kuryente at nagkaroon na rin sila ng metro ng tubig. Nabanggit nga niya na nais niyang magpaskil sa labas ng kaniyang bahay na nagkabahay siya sa tulong ng Kasagana-ka.

Isa sa mga suliranin na kinaharap ni Ate Glesie ay ng mamatay ang kaniyang bunsong anak na 3-weeks old pa lamang noong 2011. Nahinto sila sa pagnenegosyo kaya naman nawalan siya ng pinagkakakitaan at nawalan din siya ng pagkukunan para sa kaniyang lingguhang obligasyon sa Kasagana-ka. Sa tulong ng kaniyang co-maker at mga kasama sa sentro ay nairaos niya ito.

Taong 2015 naman ng kaharapin ng sentro ng St. Agnes ang mga bagay na sumubok sa kanilang sentro. Marami sa mga kasamahan ni Ate Glesie sa sentro ang nag-resign at may mga ilan pang nagnanais na mag-resign. Ito ay dahil sa natuklasan nila na ang kanilang center chief ng panahon na iyon ay ginagalaw ang kanilang mga impok. Nagdulot ito ng paghina ng pundasyon ng kanilang sentro at dumating pa sa puntong linggo-linggo silang nagsi-sitdown. Nagsimulang magkaroon ng mga past due ang kanilang sentro at ang dati ay 40 miyembro ay naging walo na lang. Kasabay ng pagbaba ng kanilang bilang ay ang posibilidad na maisara ang kanilang sentro.

Nang nawalan ng punong tagapamahala ang kanilang sentro ay naglakasloob si Ate Glesie na akuin ang responsibilidad dahil ayaw niya talagang mawalay sa Kasagana-ka bunsod ng kaniyang malaking pasasalamat dito. Kaya naman ng taon ding iyon ay siya na ang tumayong center chief ng kanilang sentro at unti-unti ay naisaayos niya ito at nakapagdagdag ng mga miyembro. Naging masinop, masipag, at masikap si Ate Glesie sa kanilang sentro. Naging masusi na rin siya sa pagpili ng mga miyembro at sa pagdadagdag ng mga nais maging miyembro ng kanilang sentro.

Noong May 17, 2015 ng mabuksan ni Ate Glesie ang kaniyang sari-sari store sa pamamagitan ng pagloloan ng K-Negosyo. Nagsimula siya sa kaunting paninda na naka-display lamang sa kanilang bintana. Doon ay gumawa siya ng sabitan para makita ang kaniyang paninda mula sa labas. Kaya naman ang kasunod niyang loan ng K-Bahay ay inilaan niya para madugtungan ang kaniyang bahay at ginawa niya itong tindahan. Kalaunan ay nadagdagan ang kaniyang mga paninda tulad ng soft drinks, frozen foods at iba pang produkto. Nagkaroon na din siya ng loading station. Kaya naman ang sunod na balak niyang idagdag ay ang school supplies.



*Si Ate Glesie Quizon, member mula sa Sapang Palay Satellite Office. Para sa kaniya, ang Kasagana-ka ang naging sandigan at sandalan niya sa buhay.*

Ang kaniyang dalawang anak ay parehas na nag-aaral. Ang una ay si Renz na nasa Grade 12 na, siya ay sinusuportahan ng Kasagana-ka sa pamamagitan ng Kuya Jun Scholarship Program. Ang ikalawa naman ay si Angeline na nasa Grade 9. Malaking tulong din para sa kaniya ang K-Edukasyon loan. Naging sandigan niya ang Kasagana-ka para maging suporta sa pag-aaral ng mga anak. Dahil din sa loan na ito ay nakabili siya ng computer set na ginagamit nila ngayon sa pag-aaral.

May mga naiwang pangungusap sa akin si Ate Glesie na talaga namang hindi ko malilimutan. Ayon sa kaniya, 'Naging sandigan at sandalan ko ang pangungutang upang marating kung ano ako at ang aking pamilya sa ngayon. Malaki ang pasasalamat ko sa Panginoon dahil ginamit Niya ang Kasagana-ka bilang kasangkapan sa bagay na ito. Proud akong haharap sa marami at sasabihing naisaayos ko ang buhay ng aking pamilya sa pamamagitan ng pangungutang at iyon ay dahil sa Kasagana-ka kaya naman naniniwala ako na isa lamang ako sa mga buhay na patotoo ng layunin at misyon ng Kasagana-ka sa ating lipunan.'

***

*Si Ate Glesie Quizon ay member mula sa Sapang Palay Satellite Office. Siya ay nasa 15$^{th}$ loan cycle at may loan amount na Php 20,000.*

*Ang lathalaing ito ay mula sa case study ni Nickolone Villanueva noong siya ay SO Probationary pa lamang sa Sapang Palay Satellite Office. Ang mga empleyadong nasa probationary status ay required na magsulat ng case study. Sa kasalukuyan siya ay regular na SO at naka-assign pa din sa nasabing Satellite Office.*

# PAGYAKAP SA TUNGKULIN

***ni Gerard Paul Rodriguez***

Sa unang araw ko bilang empleyado ng Kasagana-Ka ay nakilala ko ang bagong talagang Satelite Office Manager ng Taytay na si Kuya Dariuz Opiniano. Sa araw na iyon ay siya ang aking sinamahan upang mag-observe at aralin ang mga tungkulin ng isang Socioeconomic Officer (SO). Sa aking pagmamasid ay doon ko nakita kung paano mag-facilitate ng center meeting at ang mga tungkulin na dapat kong gampanan bilang isang SO. Ipinakita sa akin ni Kuya Dariuz ang mga dapat at di dapat gawin ng isang SO. Ang bawat meeting ay dapat na sinisimulan sa isang panalangin upang humingi ng patnubay sa Maykapal at magpasalamat sa Panginoon sa mga biyaya. Kasunod nito ay ang 'Pangako ng pagtataya sa Kasagana-ka.'

Sa mga sumunod na araw ay iba't ibang SO ang aking nasamahan. Hindi naging madamot ang aking mga Ate at Kuya pagdating sa mga bagay na dapat ko pang malaman at makabisado. Sila ay madaling lapitan kung ako ay mayroong nais itanong patungkol sa trabaho. Kapag may hindi ako alam at gusto ko itong matutunan ay handa silang ako ay tulungan at gabayan lalo na sa polisiya. Lumipas ang tatlong linggo at may itinalaga na sa aking mga sentro na hahawakan. Sa una ay kinakabahan ako dahil madaming tanong na pumapasok sa isip ko tulad ng, *'Kakayanin ko kaya ito? Paano kung hindi ko masagot ang tanong ng mga nanay? Paano kung magkamali ako?'* Sa kabila ng mga iyon ay isang bagay lang ang aking nasabi, kung ako ay matatakot magkamali, hinding-hindi ako matututo. Kaya't simula noon ay nagtiwala ako sa aking sarili at sa aking kakayahan.

Hanggang sa di ko na namalayan na nakaabot na pala ako ng isang buwan bilang isang SO. Dumating ang aking first month evaluation. Abot-abot ang aking kaba dahil baka bumagsak ako, na hindi ko masagot ng tama ang mga tanong patungkol sa polisiya at mga proseso sa trabaho. Ngunit sa kabutihang palad ay naipasa ko ito. May mga komento na nasabi sa akin ang aking mga ate at kuya na dapat kong bigyan ng pansin at baguhin sa aking sarili upang maging epektibong SO. Sa paglipas ng mga araw ay iba't ibang sitwasyon ang aking napagdaanan sa mga sentro. Naranasan ko ang mag sitdown sa isang sentro dahil umalis na ang miyembro at nagpunta sa ibang bansa. Para ma-solusyunan ang problemang ito ay pinatupad ko ang co-maker policy at sa tulong ng co-maker ng nasabing miyembro ay naresolbahan ito. Tumagal ng apat na linggo ang nasabing suliranin ngunit kahit ganoon ay nagtulung-tulong ang mga miyembro ng sentro. Nakipagtulungan din ang co-maker nito sa bahay at natapos ang nasabing problema.

May iba't-ibang mukha at katangian ang bawat sentro. Magkakaiba ang ugali ng mga nanay at may kanya-kanya itong mga problema na dapat tugunan at solusyunan. May problemang pang pinansyal, may problemang pang pamilya at meron din naman na mismong pag-uugali ng miyembro ang problema. Para sa akin, hindi lang ang mag sit down at pagkakaroon ng past due ang mga malalaking hamon sa trabaho, maging ang pabago-bagong lagay ng panahon at klima ay isa ring malaking suliranin sa isang SO. May pagkakataon sa area na uulan, maya-maya ay aaraw kaya naman hindi maiwasan na bumigay ang katawan. Ngunit kahit ganoon ay dapat tayong manatiling malusog, para na rin sa kapakanan ng mga nanay na umaasa sa atin. Sabi nga, ang SO ay dapat na 'weather proof' at ang motto ay 'Bawal Magkasakit'.

Sa aking karanasan sa loob ng tatlong buwan bilang isang SO, masasabi ko na mahirap na masarap ang maging SO. Mahirap maging SO kasi kailangan kong i-overcome ang mga challenges sa pang araw-araw na dadating sa akin at masarap dahil sa kabila ng mga challenges ay na-oovercome ko ang mga ito at natutugunan ang mga pagsubok at problema. Ang makita ang mga ngiti ng mga nanay na natutulungan ko ay maituturing kong priceless achievement. Ang marinig ko ang kanilang pasasalamat ay isang



*Si SO Gerard (nakabilog) kasama ang mga miyembro sa kanilang center meeting habang nagbibigkas ng 'Pangako ng Pagtataya sa Kasagana-ka'*

achievement dahil iyon ay nangangahulugan na nagagawa ko ng maayos ang aking trabaho.

Dahil nandiyan ang aking mga superior at mga kasamahang ate at kuya na handang magturo sa akin sa mga polisya at mga bagay sa opisina, masasabi kong may mga nabago sa aking pagkatao dahil na rin sa aking mga natutunan, mga karanasan at mga kasamahang nakapaligid sakin. Nakakatuwang isipin na sa kabila ng lahat ng pagod sa isang araw ay magagampanan ko ng tama at mahusay ang aking tungkulin bilang SO. Nakakagaan ng loob kapag nakikita ko na nakakatulong ako sa simpleng paraan sa mga nanay upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Ngayon mas lalo kong naintindihan ang papel ng isang SO, mas lalong lumalim ang pagtingin ko sa trabaho at sa organisasyon.

At bilang pagtatapos ay nais kong magbigay ng pasasalamat sa ang aking mga kasamahan at superior sa paggabay sa akin upang matuto. Sana sa darating pang mga araw ay mas lalo pa akong mag-grow as a person at madami pang malaman patungkol sa trabaho. Gusto ko din na mas umunlad pa ang aking nalalaman pagdating sa mga polisya at nature ng trabaho. Gusto kong lumago ang aking personalidad at maaabot ang aking mga pangarap sa darating na panahon.

Ako ay nagpapasalamat sa Kasagana-Ka dahil sa tiwala na ibinigay sa akin at sa oportunidad na makatulong sa mga nanay na gustong umunlad ang kanilang pamumuhay. Bilang pagpapasalamat ay ipinapangako ko sa aking sarili at sa samahan na aking gagampanan ng buong husay ang aking trabaho at gagawin ko ang lahat ng aking makakaya upang marami pang matulungan na mga nanay at tatay. Yayakapin ko ng buong puso ang aking tungkulin bilang isang SO.

***

*Ito ay reflection paper ni Gerard Paul Rodriguez noong siya ay Socioeconomic Officer Trainee pa lamang. Ang mga empleyadong nasa trainee status ay required na magsulat ng reflection paper. Sa ngayon siya ay naka-assign bilang Socioeconomic Officer sa Cainta Satellite Office.*

# KALARO 2017: TAGUMPAY!

## East, pangkalahatang kampeon; South nanguna sa palaro

***ni Gerardo Timbol Jr.***

DAHLIA COVERED COURT, FAIRVIEW, QUEZON CITY **–** Sa pagpapamalas ng matatag at matibay na samahan ng bawat isa, pagtataguyod ng malakas at masiglang pangangatawan, kooperasyon at sa diwa ng pagtutulungan idinaos ang Ka-Laro 2017 noong ika-7 at 13 ng Oktubre. Isa ito sa mga mahalagang aktibidad ng organisasyon at parte ng pagtataguyod ng *"work-life balance"* ng mga empleyado.

Nagtagisan ang bawat sector upang makamit ang pinananabikang tropeo at titulo na "Over-All Champion"; ang Black Team (Central), Blue Team (North), Orange Team (South) at Yellow Team (East). Ang patimpalak ay binubuo ng Basketball, Volleyball, at *Fun Games*.

Ang Ka-Laro 2017 ay pormal na binuksan ni Operations Manager Dexter Flores, sinundan ng Oath of Sportsmanship at Pagsisindi ng Sulo ng MVP ng nakaraang taon na si Aries Iglesias mula sa sector ng East. Matapos ay pinangunahan ni Program Officer Dada mula sa KDCI Education Training and Formation ang isang *Zumba Dance Exercise* na mas nagpa-ningas ng sigla sa buong palaruan. Ito ay nilahukan ng lahat.

Matapos ang punong-puno ng siglang sayawan, sinimulan na ang paligsahan. Isang masayang *relay* mula sa HRMDS ang gumising at humimok ng interes ng bawat koponan. Unang laro pa lamang ay damang-dama na ang kompetisyon at galak ng lahat. Nanguna ang Yellow Team na may pinakamaikling oras sa pagtapos ng mga hamon.

Sa Basketball Men Tourney, nagtapos ang Eliminations sa tagisan ng Blue laban sa Orange para sa pagiging kampeon. Ang nagtagisang sektor ay parehong naging mahigpit sa pagbabantay sa kani-kanilang depensa kasabay din ng matinding opensa at pagsisiguro na makakuha ng puntos sa bawat pagbubuslo. Sinikap ng Blue na maungusan ang puntos ngunit hindi ito hinayaan ng Orange. Tinanghal na kampeon sa Basketball ang Orange (#TigaSouth) Team.




*Ang apat na koponan na nagpaligsahan sa nakaaraang Kalaro 2017. (Mula sa itaas pababa- Yellow Team, Black Team, Blue Team, at OrangeTeam)*

Samantala, sa Volleyball Women's Game, Black Team at Orange Team naman ang nagtagisan sa net. May kani-kaniyang istratehiya ang bawat pangkat kung kaya't naging mahigpit at kapana-panabik ang laban. Madaling nakuha ng Orange Team ang lamang sa unang dalawang set. Malaki ang kanilang kumpiyansa na matatapos ang laban sa ikatlo, subalit hindi sumuko ang Black na buong lakas at puso itong ipinanalo. Pero hindi na pinalagpas pa ng Orange ang pagkakataon at tinapos ang ikaapat na set para matamo ang tagumpay na maaring makuha pa ng Black. Sa kabuuan, South Team ang itinanghal nakampeon sa Volleyball.

Iginawad din ang Mythical Five Award sa limang atleta sa bawat isports na nagpamalas ngbukod-tanging husay at galing.  Sa Basketball, nakuha nina John Patrick Bequillo (Central), John Michael Beltran (North), Marlon Guntan (South), Alberto Sicujan (South) at Aries Iglesias (East) ang nasabing parangal. Samantalang sa Volleyball, sina Katherine Ramos (Central), Jonalyn Andres (North), Lizette Faderog (South), Marry Joy Tajan (South) at Mary Antonette Cruz (East) ang nakakuhang parangal.

Itinanghal na Most Valuable Player para sa Basketball si Alberto Sicujan ng South at si Marry Joy Tajan ng South para naman sa Volleyball.

Matapos ang dalawang araw na paligsahan, itinala ang kabuuang puntos ng bawat team na naipon mula sa mga palaro at mula sa mga merits at demerits ng Attendance. Minabuti ng Sportsfest Commission ngayong taon sa pangunguna ni Commissioner Anthony Serrano (North) at Assistant Commissioner Jake Villanuea (East) nabigyan ng merits ang team na makakarating sa takdang oras at demerits naman para sa mga lumiban ng maaga o di kaya ay hindi dumalo. Ito ay pagbibigay halaga sa aktibidad ng Kasagana-ka Synergizing Organizations kung saan inaasahan na ang lahat ay dadalo at makikilahok.

Sa kabuuan, ang itinanghal na 'Over-all Champion' ay ang Yellow (East) Team na mayroong 123 points.

# 5 PERSONAL DEVELOPMENT GOALS PARA SA PAGTATRABAHO

***ni Angelyn Jolo***



*Self-improvement is what will make you successful in life.* Simple lang ang rason. Ang *personal development* ay nag-a-*attract* ng mga magagandang relasyon at maaring magpaangat ng ating yaman.

Ito ang mga dahilan kung bakit kailangan nating magtakda ng *personal development goals* sa ating *workplace*. Ang mga goal na ito ay hindi lamang para tulungan tayo sa sandaling panahon kundi para sa pangmatagalan. Kaya naman kahit ikaw ay boss o empleyado, ang pagkakaroon ng *personal development goals* ay nararapat.

Narito ang 5 *personal development goals* na magbibigay sa iyo ng tagumpay sa *workplace*:

### GOAL # 1 PALAGUIN ANG IYONG ABILIDAD NA PAMAHALAAN ANG IYONG ORAS

Sa ating mga trabaho, haharap tayo sa mga deadline, gawain o task na nangangailangan ng ating atensyon araw-araw. Habang nadaragdagan ang trabaho ay mas nagiging mahalaga ang oras. Sa mga ganoong pagkakataon ay nasusubok ang ating *time management skills*. Ang pagiging *conscious* sa oras ay nagbibigay ng maraming benepisyo. Tutulungan ka nitong maging mas produktibo, masinop at mababawasan ang iyong *stress* dahil magkakaroon ka ng madami pang oras na mailalagay sa ibang task. Para ma-*improve* ang iyong kakayanan na pamahalaan ang iyong oras, kailangan mong i-*track* kung paano mo ginagamit ang iyong oras. Magtakda ng oras na ilalaan sa isang *task* at huwag mong hayaan ang sinuman o anuman na maka-*interrupt* sa iyong itinakdang oras.

### GOAL # 2 PAGTIBAYIN AT PALAGUIN ANG IYONG RELASYON SA MGA KATRABAHO

Ang magandang relasyon sa pagitan mo at ng iyong mga katrabaho ay maraming naibibigay na benepsiyo. Nagdudulot ito ng *high performance* ng *team*, nanghihikayat ng suporta para sa bawat isa at nagbibigay sa mga empleyado ng institusyon ng *sense of belonging*.

Ang bawat empleyado sa isang kumpanya ay mayroong tukoy na tungkulin at ang papel ng bawat isang empleyado sa kumpanya ay direkta o hindi direktang nakakaapekto sa *performance* ng iba pang empleyado. Alang-alang sa matiwasay na daloy ng pagtatrabaho, kailangan nating matutunan na makasundo ang ating mga kasama. Upang ma-improve ang iyong relasyon sa mga katrabaho, simulan ng i-*practice* ang pagiging palakaibigan at matulungin sa iyong mga kasama.

### GOAL #3 PALAWAKIN PA ANG IYONG KAALAMAN PATUNGKOL SA KINABIBILANGANG INDUSTRIYA, COMPETITORS, AT KLIYENTE

Tunay nga na, *knowledge is power*. Ang mabuting kaalaman patungkol sa iyong industriya ay isang napakahalagang armas para malamangan ang iyong mga kakompetensiya (ibang organisasyon). Ito ang tutulong sa iyo upang malaman ang kanilang mga kalakasan at kahinaan. Ang pagkaunawa naman sa pangangailangan ng mga *customer* ang tutulong sa inyong kumpanya na lumikha ng mga bagong pamamaraan upang makapagbigay ng mas magagandang mga serbisyo at makapag-*develop* ng mga bagong produkto na angkop sa pangangailangan ng *customer*. Dumalo ng mga training at makipag-*network* sa mga kumpanya na kabilang sa inyong industriya. Mag-conduct ng *regular survey* upang makilala ang inyong mga kliyente at kung paano pa sila matutulungan.

### GOAL # 4 PALAGUIN ANG IYONG EMOTIONAL INTELLIGENCE (EI)

Ang *Emotional Intelligence* ay tumutukoy sa iyong kakayanan na maunawaan ang iyong emosyon at ang emosyon ng iba. Ang tamang paggamit ng abilidad na ito ay makakatulong sa maayos na *handling* ng tao at sa paraan na makakatulong sa kumpanya.
Ang pagpapalago ng EI ay nagsisimula sa *self-awareness.* Mahalagang maunawaan mo muna ang iyong sarili, kabilang na ang iyong emosyon upang maunawaan mo din ang iba. Obserbahan ang sarili gayundin ang iba at subukang unawain kung bakit mo o ng ibang tao ang isang bagay. Mula sa iyong na-obserbahan ay maari mo silang kausapin. Nagawa mo ba silang pakalmahin, mabawasan ang kanilang *stress* o kaya ay ma-*motivate* sila na lalo pang maging produktibo?

### GOAL # 5 PAGHUSAYIN ANG IYONG LISTENING SKILLS

Sino ba naman ang hindi nagnanais na mapakinggan at maintindihan? Ang mabuting tagapakinig ay mabuting tagapagsalita. Ang paglalaan ng panahon para making ng taimtim sa iyong kasama sa trabaho o kaya ay sa inyong mga kliyente ay nagbibigay sayo ng pagkakataon na makilala sila. Sa gayon ay magagawa mo ng maayos ang iyong trabaho at mapagsisilbihan mo pa ng maayos ang inyong mga kliyente.
Upang ma-improve ang iyong *listening skills*, aktibong making sa taong nakikipag-usap sa iyo. Mag-*focus* sa kung ano ang kanilang sinasabi. Pag-aralan din ang kanilang body language dahil ito ay paraan din ng pakikipagkomunikasyon. Magbigay ng mga tanong kung mayroong mga nais linawin at huwag silang gambalain sa pagsasalita. Ang pakikinig ay isang *skill* na nangangailangan ng matinding pasensya at ensayo para ma-*perfect*.

Sikapin na sa abot ng ating makakaya ay magawa natin ang mga *personal development goal* na ito at tiyak na magkakaroon tayo ng tagumpay sa ating *workplace*.





***Contributing Writers***
Leonard Galarde, Nickolone Villanueva, Gerard Paul Rodriguez, Gerardo Timbol Jr.
***Layout***
Angelyn Jolo
***Photographer***
John Ray Piedad
***Editor***
Armeena Celine Pascual- Ramos

Ang Kwentong-K ay ang opisyal na pahayagan ng Kasagana-ka Synergizing Organizations (KSO). Ito ay nagdodokumento ng iba't ibang kaganapan na humubog sa mga client-beneficiary/member, mga empleyado, at buong institusyon. Ito din ay nagbibigay ng mga napapanahong impormasyon na makakatulong sa mga mambabasa nito.